

Taon XXXVI Blg. 16 Agosto 21, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal


Palakasin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa gitna

ng pagpapatalsik kay Arroyo

alulugmok ngayon ang rehimeng Arroyo sa isang krisis na walang kasintindi sa loob ng apat na taong paghahari nito. Dati nang matindi ang krisis na bumabalot sa rehimen dahil sa lubhang anti-mamamayan at antinasyunal na mga patakaran at hakbangin nito. Subalit ibayo pa itong tumindi nang lalo pang mahiwalay ang rehimen sa mamamayan at kamuhian ng publiko bunga ng pagkakasiwalat ng mga iskandalo hinggil sa hweteng at pandaraya ni Arroyo sa eleksyong 2004.

Ang malawakang disgusto sa rehimeng Arroyo ay naisasalin sa ibayong paglakas at pagdami ng mga pwersang anti-Arroyo at pagtindi ng mga bitak sa loob ng naghaharing pangkatin. Lumilitaw ang iba't ibang uri at paraan ng protesta at sumusulong ang malalaki at malalakas na pagkilos sa lansangan para patalsikin si Arroyo. Nakakawing din dito ang maraming kasabay na sek-

toral na pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika. Malaki-laking bilang ng mga kawani ng gubyerno at mga sundalo at pulis ang hayagang nagpapaabot ng kanilang kumukulong galit sa rehimen at kahandaang mag-atras ng suporta rito. Ang lahat ng ito ay tumutungo sa pagbu-



Mga tampok sa isyung ito...

Nilalapastangan ang usapang pangkapayapaan

PAHINA 4

International People's Tribunal

PAHINA 7

Gutom sa Africa

PAHINA 9

buo ng makapangyarihang daluyong ng protesta na magbabagsak sa rehimeng Arroyo.

Kaiba sa malapad na kilusang bayang nagpatalsik kina Marcos noong 1986 at Estrada noong 2001, di hamak na mas malaki at mas makabuluhang bahagi ng kasalukuyang nagkakaisang prenteng anti-Arroyo ang mga militante, patriyotiko at demokratikong pwersa. Naipakikita ng mga ito ang lakas at lawak ng kanilang pwersa at impluwensya. Matataq silang nakapamumuno sa malawak na kilusang anti-Arroyo. Masuqid silang nagsusulong ng mga pinakakagyat na kahinapakahahalagang lingan at kongkretong repormang hindi kailanman maibibigay habang nasa poder si Arroyo.

Itinutulak nila ang pagbubuo ng isang transisyunal na demokratikong konseho o iba pang anyo ng pamamahalang hahalili sa bulok at papet na gubyerno ni Arroyo. Inaasahang makabuluhang makalalahok dito ang mga progresibong partido at demokratikong organisasyong masa. Pagpapatuloy ito ng malaking papel na ginagampanan nila sa pagsusulong ng interes ng mamamayan at ng pakikibaka para



...kailangang magpalitaw, magsanay at magtalaga ng mas marami pang kadre para mapanghawakan ang mabilis na lumalaking organisasyon at gumampan sa lumalawak na iba't ibang larangan ng gawain ng Partido...

maibagsak ang rehimeng Arroyo. Mulat sila na ang mga radikal at pundamental na pagbabago sa lipunan ay hindi kagyatang matatamo sa pagpapatalsik lamang sa rehimeng Arroyo.

Habang puspusang nakikibaka ang mamamayang Pilipino upang wakasan ang rehimeng Arroyo, minumulat sila ng mga rebolusyonaryong pwersa na ang mga saligang pagbabago sa lipunan ay matatamo lamang sa pamamagitan ng lubos na pagtatagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon na magbabagsak sa buong reaksyunaryo at papet na estado at sistema at maqtatayo ng tunay na rebolusyonaryong gubyerno at sistema. Sa buong proseso ng laban, mahalagang tuluv-tulov na tanganan ng mamamayan ang sandata ng malawakang aktibong paglahok at militanteng pakikihamok sa mga pang-ekonomya, pampulitika at panlipunang usapin hanggang sa ganap na taqumpay.

Hamon ngayon sa mga ligal na demokratikong pwersa at buong sambayanan kung papaano mapagpasyang maisusulong ang ligal at hayag na kilusang masa para patalsikin ang rehimeng Arroyo sa harap ng ibayong pagmamatigas nitong kumapit sa poder at maituluy-tuloy ang pagmamatyag at pakikibaka kahit maibagsak na ito.

Garapal na nagmamaniobra ang mga alipures ni Arroyo sa kongreso para mabalaho ang proseso ng *impeachment* sa pamamagitan ng sarisaring mga teknikalidad at pambabara. Pinareyd pa ng Malakanyang ang bahay na pinaglalagakan ng mga dokumento at iba pang ebidensya ng oposisyon tungkol sa pandaraya ni Arroyo sa eleksyon at iba pa niyang krimen. Tinakot o kaya'y binayaran ng malaking halaga para umatras ang ilang testigong nagsangkot sa pamilyang Arroyo sa hweteng at bayaran sa eleksyon.

Walang tigil ang pagmamaniobra ng Malakanyang para magamit ang panukalang pagbabago ng konstitusyon (chacha) upang pagtakpan ang malalaking kriminal na pananagutan ni Arroyo at ilihis ang mga pagkilos para mapatalsik siya. Patuloy na malisyosong naglalabas ang mga alipures ni Arroyo ng kanilang mga pekeng teyp para palitawing dinuktor ng mga kalaban niya ang Gloriagate tapes.

Subalit ang lahat ng ito ay epektibong napasisinungalingan. Lalo lamang nitong ipinakikita ang panlilinlang ni Arroyo. Nagpapalala

### Nilalaman

### Taon XXXVI Blg. 16 Agosto 21, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

#### **Editoryal**

Palakasın ang Partido at rebolus	yo-
naryong kilusan sa gitna ng pagpa-	
patalsik kay Arroyo	1
Buktot na mga paraan	4
Emergency powers	5
Paglapastangan sa usapang	
pangkapayapaan	6
International People's Tribunal	7
Rebolusyong agraryo sa Cagayan	8
Kagutuman sa Africa	9
Balita	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas rin ito sa pagkakahiwalay ng rehimen sa mamamayan at nagpapalalim ng pagkamuhi ng publiko sa naghaharing pangkatin.

Dapat lubusang samantalahin ng rebolusyonaryong kilusan ang napakainam ngayong kalagayan para sa rebolusyon. Malakas na sumusulong ang kilusang masa at nag-aalab ang rebolusyonaryong diwa ng mamamayan at papalubog naman ang naghaharing rehimen. Maging ang mismong pagmamatigas ni Arroyo na kumapit sa poder sa kabila ng malawakang galit at panawagan para sa kanyang pagpapatalsik ay lumilikha ng paborableng kalagayan para sa lalong pagpapalawak at pagpapalakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Higit na mapabibilis pa ang pagsusulong ng iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain, ang pagtungo sa susunod na subyugto ng digmang bayan at ang pagkakamit sa ganap na tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Nitong huling mga taon, lumaki nang humigit-kumulang 20% ang Partido taun-taon. Sa harap ng kasalukuyang napakaborableng kundisyon, mapatataas pa ang gayong tantos ng paglaki. Kaakibat

nito, kailangang magpalitaw, magsanay at magtalaga ng mas marami pang kadre para mapanghawakan ang mabilis na lumalaking organisasyon at gumampan sa lumalawak na iba't ibang larangan ng gawain ng Partido, mas epektibo pang mapalaki, mapala-

kas, mapakilos at ma-

konsolida ang huk-

bong bayan at rebo-

sang masa, at mati-

yak ang konsolidasyon

lusyonaryong

ng lahat ng yunit at pwersa ng Partido at rebolusyonaryong kilusan habang binibigyang-diin ang mga gawain at pakikibakang pampulitika.

Pabilisin pa at maging mas mapangahas sa pagrerekluta ng mga Pulang mandirigma mula sa hanay ng mga aktibistang masa sa kanayunan at kalunsuran, mga organisasyong masa at aktibong kontak. Magsanay ng mga kadreng militar at mga mandirigma.

Tiyakin ang pagbubuo ng mga platun bilang batayang pormasyon at magpakahusay sa pagpapatakbo nito. Maglunsad ng higit na marami pang mga taktikal na opensibang madaling maipagwagi laban sa mga armadong pwersa ng ligalig na rehimen, higit pang pahinain at demoralisahin ang kaaway, at mangalap ng mas malaki pang bilang ng mga armas para sa Bagong Hukbong Bayan. Bukod sa maraming maliliit at katamtamang-laking mga pagsalakay sa AFP-PNP, tiyakin din ang paglulunsad ng malalaking bigwas sa kaaway.

Palakasin ang rebolusyonaryong pag-oorganisa kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Lalo't higit

DBRAMPAHIRAP!

na kailangan ngayon ang puspusang pagsisikap ng mga rebolusyonaryong pwersa na pabilisin pa ang pagpapataas sa kamulatan, pagpapakilos at pagbibigkis sa malawak na masa ng sambayanan para mailunsad ang papalawak na mga protesta at rumagasa ang dambuhalang pag-aalsang bayan. Ito ang maglalapit sa pinakamalaking bilang ng mamamayan sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Paramihin pa at gawing pamantayan ang mga lakas-kumpanyang larangang gerilya. Mabilis na palawakin ang rebolusyonaryong baseng masa sa kanayunan, itaas ang antas ng pag-oorganisa at buuin ang mga lokal na organo ng demokratikong gubyernong bayan sa pinakamaraming bilang ng mga konsolidadong baseng gerilya. Maglunsad ng malawakang mga pakikibakang agraryo at iba pang pakikibakang masa. Aktibong ikoordina at pagkumbinahin ang mga pakikibakang masa sa kanayunan at kalunsuran.

Palawakin pang lalo ang nagkakaisang prenteng anti-Arroyo mula pambansa hanggang lokal na antas. Kabigin ang mas malaking bilang ng mga taktikal na alyado. Palalain pa ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryong paksyon at sa loob ng naghaharing pangkatin.

> Magbuo ng mga kaisahan sa mga alyado, kabilang ang mga taktikal na alyado mula sa naghaharing uri, na mas makapagpapainam sa kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan, maglalatag ng paborableng kundisyon para sa paglulunsad ng usapang pangkapaya-

paan at magsusulong sa interes ng malawak na masa ng sambayanan sa ilalim ng bagong rehimen.

TPLGIN

kilu-

# Buktot na mga paraan para makapanatili sa poder

Malang tigil ang pagmamaniobra ng rehimeng Arroyo at paggamit ng mga paraan sa desperadong pagtatangkang makapanatili sa poder.

Pati mga ebidensya sa impeachment laban sa rehimen ay pwersahan nitong inaagaw. Nitong Agosto 17, ipinareyd ng Malakanyang sa Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) at Philippine National Police ang bahay ni Segundo Tabayoyong, isang eksperto sa pagtukoy ng mga dinuktor na dokumento tulad ng mga electoral returns o mga upisyal na talaan ng mga boto. Dati siyang hepe ng kanyang departamento sa National Bureau of Investigation.

Potensyal na ebidensya sa korte ng impeachment ang resulta ng mga pagsusuri ni Tabayoyong kaya sinikap ng rehimen na unahan siya rito. Subalit sa halip na makalamang ang rehimen, lalo pa itong nadiin nang mabunyag sa masmidya ang pagkakatuklas sa bahav ni Tabayoyong ng 40 kahon ng mga dokumentong nagdedetalye sa pandaraya sa eleksyon ng kampo ni Arroyo. Kinukumpirma ng mga nasamsam nilang dokumento ang dati nang isiniwalat nina Sen. Panfilo Lacson, nagkandidato para presidente, at dating Sen. Loren Legarda, nagkandidato para bise presidente, na nagmanupaktura ang rehimen ng mga electoral returns bago pa man ang eleksyon.

Walang naiprisintang mandamyento o anumang katwiran para sa reyd ang ISAFP at PNP at nagtanim na lamang sila ng ebidensya sa anyo ng isang paltik na rebolber at mga magasin ng kung anu-anong baril sa bahay.

Nagtatago ngayon si Tabayoyong. Subalit nagpaabot siya na handa pa rin siyang ibulgar ang kanyang mga natuklasan.

Noon namang Agosto 12, sinikap ni DENR Secretary Mike Defensor na mag-

tanim ng duda sa isipan ng mamamayan hinggil sa mga teyp. Ipinasuri niya sa isang Amerikanong eksperto ang mga "Hello Garci" tape. Ayon sa eksperto, may nakita siyang mga "anomalya" subalit wala siya sa katayuang sabihing "dinuktor" and mga iyon. Ginamit ni Defensor and pag-aaral ng eksperto upang magkaroon ng kredibilidad ang kwestyunableng pag-aaral na ginawa ng isang lokal na "eksperto" na inupahan ni Defensor, Pinalalabas ni Defensor na hindi ang mga salitang "Yung dagdag! Yung daqdaq!" anq aktwal na sinasabi ni Gloria Arroyo kundi ang walang saysay na mga salitang "Galban Binalbaq".

Ang mga bahaging ito ay kabilang sa mga seksyon ng teyp na pinakanagdidiin kay Arroyo sa garapalang pandaraya sa eleksyon.

Bigong-bigo ang pagtatangka ni Defensor na lituhin ang mamamayan para pahupain ang galit at pagkilos nila laban kay Arroyo. Mismong ang Amerikanong ekspertong sumuri sa "Gloria-Garci tape" ay tumanggi kinabukasan na mayroon siyang sinabi na dinuktor ang teyp. Ganito rin ang sinabi ng lahat ng iba pang lokal na eksper-



to sa *audio* liban sa inupahan ni Defensor.

Nilayon din sana ni Defensor na magsilbing batayan ang kanyang mga "isiniwalat" para mapatay na ng mga maka-Arroyong kongresista ang proseso ng impeachment sa antas komite pa lamang ng kongreso. Inaalala nila na maaaring matanggap sa impeachment ang teyp bilang patunay na nandaya si Arroyo sa eleksyon. Takot na takot sina Arroyo sa napakarami pang testiqong nakahandang magbunyag ng di hamak na mas malalaki at mas detalyadong mga kaso ng pandaraya, pagnanakaw at iba pang kriminalidad ng kanyang pamilya at rehimen sakaling humantong sa paglilitis ang proseso.

Kabilang pa rin sa pagmamaniobra ng rehimen ang pananakot at panunuhol kapwa sa mga lumantad at lalantad pa lamang na mga testigo sa pagdinig sa senado sa kaso ng hweteng. Dalawa nang tumestigo ang napaatras ni Arroyo. Dalawa pa ang napigilan niyang humarap sa pagdinig sa senado. Bumalik pa mula sa US si Mike Arroyo upang personal na asikasuhin ang pang-

sundan sa "Buktot...", pahina 5

#### "Buktot...", mula pahina 4


gugulo at panunuhol sa mga testigo sa operasyong tinaguriang "balik-loob." Kabilang na sa mga sinikap kumbinsihing umatras ang dating gubernador ng Isabela na si Faustino Dy Jr. na nauna nang naiulat na tetestigo laban kay Arroyo kapwa sa kaso ng pandaraya at hweteng.

Tuluy-tuloy pa rin ang paglalantad ng mga testigo sa mga kriminal na aktibidad ng mga Arroyo. Noong Agosto 10, isiniwalat ni Capt. Marlon Mendoza, hepe sa seguridad ni Garcillano noong panahon ng eleksyon, na personal niyang nasaksihan ang mga ginawang panunuhol para sa kampanya ni Arroyo. Kinumpirma ni Mendoza ang ilang bahagi ng salaysay ni Michaelangelo Zuce, opereytor at pamangkin ni Garcillano na nauna nang lumantad nito ring Agosto.

Samantala, matapos ang ilang buwang pagmamaang-maangan kaugnay ng kinaroroonan ni Garcillano, nalantad na rin ang operasyon ng pagtatakas sa kanya palabas ng bansa sa tulong ng iba't ibang ahensya ng gubyerno. Naglabas na ang kongreso ng mandamyento para sa pag-aresto kay Garcillano noon pang Agosto 4, pero hinintay ng Department of Foreign Affairs na matapos muna ang mga pagdinig ng kongreso bago ipaabot ang impormasyon na ayon sa gubyerno ng Singapore, lumapag si Garcillano doon noong Hulyo 14 at tumungo kinabukasan sa London, United Kingdom.

Ang limang komite ng kongreso na magkasanib na nagsisiyasat tungkol sa "Gloria-Garci tapes" ay naghahanda ng mga kasong kriminal sa mga pinaghihinalaang responsable sa pagtakas ni Garcillano. Sasampahan ng kasong pagsagka sa hustisya sina Foreign Affairs Secretary Alberto Romulo, Immigration Commissioner Alipio Fernandez at ang mga upisyal ng Air Transportation Office dahil sa di nila paguulat tungkol sa mga nakuha nilang impormasyon sa galaw at kinaroroonan ni Garcillano. Sinisiyat din ang pagkakasangkot ng Subic Air sa pagtakas ni Garcillano. Ginamit ni Garcillano patungong Singapore ang isang Lear Jet ng Subic Air na pagaari ng mga Alvarez, mahigpit na kaalyado ni Arroyo. AB

Kamay na bakal



ers" o mga karagdagang kapangyarihan para diumano kontrolin ang distribusyon at konsumo ng langis. Idineklara na rin ng Malakayang na usapin na ng "pambansang seguridad" ang umano'y di makontrol na pagtaas ng presyo ng langis. Maaari umano ito samantalahin ng mga "terorista" at "kriminal." Nangangatog ang tuhod ng rehimen na ang kabiguan nitong kontrolin ang presyo ng langis sa lokal na pamilihan ay mag-uudyok ng higit pang malalaking protesta. Kaya't Kaya inatasan ni Arroyo ang mga ahensyang panseguridad at pulisya na maghanda at gumawa ng mga hakbang para masuqpo ang mga banta diumano sa seguridad.

Kabi-kabilang batikos ang sumalubong sa mga panukala at hakbanging ito ng Malakanyang. Kinundena ng mga progresibong partido at organisasyon, mga kalaban sa pulitika at maging ng mga kaalyado nito ang balak ng rehimen ng pagsangkalan sa krisis upang sikilin at gamitan ng kamay na bakal ang lumalawak na protesta at panawagan para sa pagpapatalsik kay Arroyo. Inulan din ng batikos ang paghahangad ng karagdagang kapangyarihan ng rehimen para magamit sa pagpapasahol ng korapsyon at lalong pagpapahirap sa mamamayan. Kasabay nito, aroganteng ipinagdidiinan ni Arroyo na tuluyan niyang ipatutupad ang kontramamamayang expanded value added tax oras na ideklara itong ligal ng Korte Suprema. Pinalalabas ng rehimen na ang karagdagang buwis na ito ay nasa interes ng mahihirap. Makailang beses nang binalaan ng mga maka-imperyalistang institusyon ang rehimeng Arroyo laban sa pag-atras sa pagpapatupad ng mga bagong buwis lalupa't dito manggagaling ang pambayad sa utang ng bansa. Nagpapakita lamang ng napakalalang ipokrasya ang panawagan ng pagtitipid samantalang napakalupit at manhid nitong pinatataas pa ang buwis at sa gayon ang presyo ng mga bilihin at serbisyo sa harap ng lalong lumalalang kahirapan ng mamamayan.

Sinagpang din ni Arroyo ang pagkakataon para manawagan ng huwad na pagkakaisa at ilayo ang atensyon ng publiko sa napakarami na niyang krimen. Ipinananakot ng kanyang mga alipures na nasa bingit ng malaking krisis sa enerhiya ang bansa at dahil dito'y marapat na lubayan ang mga atake sa gubyerno.

# Nilalapastangan ng rehimen ang usapang pangkapayapaan

ng muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyeryno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng National Democratic Front (NDF) ay nakasalalay sa katuus-tuusan sa pagpapatupad ng rehimeng Arroyo ng mga obligasyong pinasok nito sa mga nagdaang kasunduan na malaon na nitong tinatalikdan.

DOINT AGREEMENT ON SAFETY AND IMMUNITY GUARANTEE February 24, 1995

Sa Oslo Agreement noong Abril 2004, sumang-ayon ang GRP na magsagawa ng mga epektibong hakbangin upang matanggal sa "listahan ng mga terorista" ng US at mahihiqpit nitong kaalyado ang

Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at si Jose Ma. Sison, chief political consultant ng NDF sa usapang pangkapayapaan. Kabilang din sa mga obligasyon nito and pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at pagpapatupad indemnipikasyon ng mga biktima ng diktadurang Marcos.

Subalit hindi L tinupad ng GRP ang mga obligasyong ito. Dahil dito, ipinasya ng NDF na suspendihin ang nakatakdang pagbubukas ng pormal na pag-uusap noong Hunyo 2004 upang bigyan ng panahon ang GRP na panindigan ang salita nito.

Pagkalipas ng mahigit isang taon, nagpatuloy pa rin ang rehimeng Arroyo sa pagmamatigas nito at pagtangging tupdin ang mga obligasyong pinasok nito, taliwas sa layuning isulong ang usapang pangkapayapaan. Lalo pang lumiliti ang posibilidad na tutupdin ito ni Arroyo sa harap ng krisis pampulitika na yumayanig sa kanyang rehimen. Habang lumalakas ang

panawagan ng mamamayang Pilipino para sa pagbibitiw ni Arroyo o pagpapatalsik sa kanyang rehimen, lalong humihigpit ang pagbaling nito sa mga patakarang militarista at maka-imperyalista, bulok at mapaniil.

> Naobliga ang NDF na ianunsyo noong Agosto 2, 2005 ang muling suspensyon ng pormal na usapan ng dalawang panig upang bigyang muli ng pagkakataon ang GRP na tupdin ang mga obligasyong ito. Hindi nagsara ang NDF sa patulov na pakikipagusap sa GRP kahit

pa nakikita nitong susulong lamang ang usapang pangkapayapaan sa pagluklok ng bagong rehimen na mas handa kaysa sa kasalukuyang rehimeng papabagsak na. Kasabay nito, pinananatiling bukas ng NDF ang mga linya ng komunikasyon upang maipagpatuloy ang di-pormal na pakikipag-usap sa mga kinatawan ng GRP at mapagsikapang plantsahin ang muling pagbubukas ng pormal na negosasyon.

Ngunit sa halip na gamitin ang pagkakataong ibinukas ng suspensyon ng pormal na pag-uusap, binaliko ng rehimeng Arroyo ang pahayag ng NDF upang palabasing tinatapos na nito ang pag-uusap. Imbes na harapin ang usaping inihahapag ng NDF at gumawa ng mga hakbangin upang maipatupad ang mga obligasyon nito, pinalabas pa ng rehimeng Arroyo na lubusang tinatapos na ng NDF ang usapan.

Isinangkalan ito ng rehimen upang makaisang-panig at imbalidong "suspindihin" ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at bantaan ng pag-aaresto ang mga upisyal at konsultant ng NDF at iba pang sangkot sa usapang pangkapayapaan.

Ipinakikita ng GRP sa gayong mga hakbangin ang kawalan nito ng interes na isalba at isulong ang usapang pangkapayapaan. Ipinamamalas ng rehimeng Arroyo na ang tangi nitong interes sa panahong ito ay isalba ang sarili sa pamamagitan ng patuloy na pagsandig sa impervalismong US, paggamit ng militar at panunupil, panlilinlang at iba pang paraan. Gayunman, desperado ang rehimen na maghagilap ng anumang makapagpapabango rito at iwasan ang anumang makapagpapabilis ng paqbaqsak nito.

Binantaan ng NDF ang rehimeng Arroyo laban sa pag-aaresto o anumang karahasan na balak nitong gawin sa mga pinoprotektahan ng JASIG. Iginiit ng NDF na nananatiling gumagana ang JASIG at hindi maaaring unilateral na suspindihin nang at hindi idinadaan sa pormal na proseso. Ang terminasyon ng JASIG ay nagsasapanganib sa mismong buhay ng usapang pangkapayapaan.

# Hinatulang nagkasala

Inatulang nagkasala sa malawakang paglabag sa karapatang-tao at mga krimen laban sa sangkatauhan si Gloria Arroyo sa internasyunal na paglilitis ng mamamayan nitong Agosto 19. Ibinatay ng International People's Tribunal (IPT) ang hatol sa mga kasong isinampa sa kanya bilang commander-in-chief ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police.

Hinusgahan ding nagkasala ang kanyang kapwa akusado na si US Pres. George Bush dahil sa kanyang suportang militar sa gubyernong Arroyo at paggamit niya sa Pilipinas bilang "ikalawang larangan" ng kanyang "gera laban sa terorismo." Ayon sa IPT, nagbunsod ito ng walang pakundangang mga krimen laban sa sangkatauhan.

Bunga nito, iginiit ng mga dayuhang delegado sa IPT sa internasyunal na komunidad na suportahan nila ang mamamayang Pilipino sa panawagan nilang magbitiw sa poder si Arroyo. Kasabay nito, iginigiit din nila sa mga dayuhang pamahalaan na iatras ang pagkilala kay Arroyo bilang presidente ng Pilipinas. Anila, nawalan na siya ng anumang karapatan at kapangyarihang mamuno dahil sa mga akusasyong isinampa laban sa kanya, kabilang ang mga seryosong paglabag sa karapatang-tao.

Ang lupon ng mga hukom ay pinamunuan ni Lenox Hinds, isang Amerikanong propesor ng batas sa Rutgers University. Kasama niya sina Irene Fernandez ng Malaysia, na nominado sa Nobel Peace Prize at ang abugadong si Hakan Karakus ng Turkey. Nagsilbing puno ng mga tagausig si United Nations ad litem judge Romeo Capulong.

Ang isang araw na bista ay dinaluhan ng may 1,500 delegado mula sa 15 bansa, kabilang ang Pilipinas. Ang mga pinagbatayan ng desisyon ng IPT ay nagmula sa imbestigasyon ng International Solidarity Mission (ISM), na inilunsad mula Agosto 14-18 sa mga prubinsya ng Tarlac, Mindoro, Samar, Surigao del Sur at sa isla ng Sulu. Ang mga delegado sa ISM ay nagmula sa Australia, Belgium, The Netherlands, Great Britain, US, New Zealand, Canada, Japan, India, Malaysia, China, Taiwan at Turkey. Gagamitin ding batayan ang resulta ng kanilang imbestigasyon para sa impeachment ni Arroyo sa kongreso, ayon kay Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna. Ito rin ang magiging batayan para ipagpatuloy ang naunang naisampang mga kaso laban sa gubyernong Arroyo sa United Nations Human Rights Commission sa Geneva.

Sa kabuuan, napag-alaman ng IPT na nagkaroon ng 4,207 kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao mula nang umupo sa poder si Arro-

yo noong Enero 2001 hanggang Hunyo 2004. Kabilang dito ang mga pagsalbeyds, asasinasyon ng mga lider masa, masaker, panonortyur, iligal na pang-aaresto at pagkulong at iba pang krimen laban sa sangkatauhan. May 232,796 indibidwal, 24,299 pamilya at 237 komunidad ang apektado. Mayroong 400 biktima ng pagsalbeyds at 110 dinukot at hindi na natagpuan (desaparecidos). Dalawampung upisyal at myembro ng mga organisasyong nagtataguyod sa karapatang-tao ang pinatay.

Nilabag ng mga sundalo, pulis at iba pang armadong pwersa ng rehimeng Arroyo ang Bill of Rights ng 1987 Constitution, International Covenant on Civil and Political Rights, Convention Against Torture, ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law na nilagdaan ng GRP at NDFP at ang kasunduang pangkapayapaan ng GRP-MNLF noong 1986.

## Mga lider masa, arbitraryong dinakip

PATULOY ang serye ng pananakot at paglabag sa karapatang-tao ng mga demokratikong pwersa nitong buwan. Noong Agosto 18, iligal na dinakip at ikinulong ng mga pulis at militar si Fernando Baldomero, *provincial coordinator* ng Bayan Muna sa Aklan. Inakusahan siyang may ugnay sa Bagong Hukbong Bayan at arbitraryong kinasuhan.

Agad na kinundena ng mga progresibong partido at organisasyon ang pang-aaresto. Anila, harasment ito sa mga dating detenidong pulitikal.

Ang mga kasong isinampa kay Baldomero ang siya ring ginawang basehan sa iligal na pag-aresto kina Romeo Capalla at Modesto Estupido. Si Capalla, 56, ay manedyer ng Panay Fair Trade Center (PFTC), isang pribadong empresang bumibili ng muskobado at saging at nageeksport nito sa Europe. Karakaraka siyang dinakip ng mga operatiba ng Iloilo Provincial Police Office at Army Intelligence Team noong Agosto 3 sa isang tsekpoynt sa Barangay San Antonio, Oton, Iloilo.

Una pang dinampot ng mga militar si Estupido, isang isang lider-magsasaka at kagawad ng Barangay Indaluyon, Igbaras, Iloilo. Nakakulong siya ngayon sa San Jose, Antique.

# Matagumpay na kampanya ng rebolusyong agraryo sa panahon ng kalamidad

Labilang sa mga tagumpay ng rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley ang pagsulong ng mga kampanya para maibsan ang ibayong paghihirap ng masa bunga ng sunud-sunod na mga kalamidad.

Noong 2004, makaraang maguhuan at matabunan ng lupa ang mga pananim sa isang baseng gerilya, ikinampanya ng rebolusyonaryong samahang masa dalawang kulumpon ng mga baryo ang kahilingang mabura ang utang ng masa sa loob ng isang anihan kapag 50% o mahigit pa ang nasirang pananim. Kapag mas mababa naman sa 50% ang nasira, ibabawas sa prinsipal na utang ang halaga ng nasirang pananim. (Prinsipal na lamang ang babawasan dahil dati nang naabot ng laban ang pagtatanggal ng interes sa panahon ng kalamidad). Mabilis na nagplano ang samahan ng mga magsasaka sa Kampanyang Bura-Utanq.

Ikinampanya rin ng samahang magsasaka na itigil ang bayad sa irigasyon sa isang anihan, at upa sa lupa sa isa o dalawang anihan depende sa pinsala sa mga pananim at bukid. Sa mga bukid na natabunan ng bato, nagbayanihan ang samahan para maging produktibong muli ang lupa. Kahit naayos ng mga magsasaka ang mga bukid sa tulong din ng mga kasama, nakipagkasundo pa rin sila sa panginoong maylupa na huwag munang magbayad ng upa sa loob ng ilang anihan.

Noong una ay hindi idinaan sa negosasyon ang kahilingang burautang sa mga lugar kung saan 50% o higit pa ang nasira dulot ng kalamidad. Sa halip, idineklara na lamang ng mga magsasaka ang porsvento ng nasira niprodukto. lang Ang idinaan na lamang sa negosasyon ay ang pagbawas ng babayarang utang ng mga magsasaka na mas mababa sa 50% ang nasirang ani. Nagkaisa rin ang samahan na ang pagbebentahan mais ay yaon lamang komersyanteng makikipagkasundo sa bura-utang at taaspresyo.

Inilahad ng mga magsasaka ang makatwirang batayan ng burautang. Ipinaliwanag sa mga usurero na talagang wala na silang kakayahang bayaran pa ang buong prinsipal. Iginiit nila na mas mahusay na burahin o bawasan ang utang at muling magpautang sa mababang interes para maipagpatulov and produksyon ng mga magsasaka at mabayaran pa ang mga nakaraang utang. Kung titigil sa pagpapautang ang mga usurero, anila, bababa lalo ang produksyon at lalong mawawalan ng batayan para masingil ang lahat ng nakaraang utang.

Nagresulta ang kampanya sa pagtaas ng presyo ng palay nang 50 sentimos at pagpayag ng ilang usurero sa dalawang erya na tanggalin ang interes. Nakipagkasundo ang mga usurero dahil unti-unti rin namang huhulugan ng mga magsasaka ang prinsipal sa mga susunod na anihan.

Sinubukan na noon pang 2003 at 2004 na isulong ang kahilingang burahin ang interes sa pautang sa panahong hindi bababa sa 50% ang napinsala sa pananim sa panahon ng kalamidad. Subalit sa ilang baryo lamang ito naipagtagumpay. Hindi lubusang ipinatupad ng mga usurero sa ibang baryo ang naging kasunduan.

Ngayong taon, ibayong isusulong ang kampanya dahil sa malawakang pinsalang tinamo ng mga magsasaka sa mga bagyo, baha at pagguho ng lupa, at dagdag pang pinsala dulot ng sumunod na tagtuyot.

Ang mga aral sa kampanya sa kahilingang bura-utang sa isang larangang gerilya sa nakaraang yugto ay binalikan. Habang kinila-

sundan sa "Cagayan...", pahina 9

# Panibagong bugso ng malawakang taggutom sa Africa

Paulit-ulit na nanganganib ang buhay ng milyun-milyong mamamayan sa Africa dahil sa malawakang taggutom na madalas na sumasalanta sa kontinente.

Umaabot na sa 33% o 300 milyon ng 900 milyong populasyon ng Africa ang kapos sa pagkain bawat araw. Ayon sa United Nations, 25 milyon ang nangangailangan ng napakakagyat na ayuda. Mga sanggol at bata ang pangunahing biktima ng taggutom. Kabilang sa mga bansang labis na apektado ang Niger, Mali, Ethiopia, Chad, Sudan, Eritrea, Somalia, Zimbabwe, Burkina Faso at Mauritania.

Pinakatampok sa mga bansang sinasalanta ng matinding taggutom ang Niger. Laging may malaking kakulangan sa pagkain sa Niger sa pagitan ng dalawang anihan sa bahaging ito ng taon. Ganito rin sa Mali at Chad na kapwa nasa timog ng disyertong Sahara. Isa ang Niger sa pinakamahirap na bansa sa buong mundo. Umaabot sa abereyds na 42 taon lamang ang buhay ng mga tao rito. Sa ilang bahagi ng bansa, hindi na umaabot sa limang taong-gulang ang isa sa bawat apat na bata.

Umaabot sa apat na milyong mamamayan ang biktima ng kagutuman mula sa kabuuang 12 milyong populasyon ng Niger. Tatlumpu't tatlong porsyento (33%) ng mga nagugutom ay mga bata.

Ayon sa United Nations, 800,000 sa mga ito ay mga batang may edad lima pababa, kabilang na ang 150,000 batang biktima ng grabeng malnutrisyon.

Sa ngayon, karaniwan sa Niger ang mga buto't ba lat na lamang na sanggol, bata at kababaihan. Halos wala nang lalaking natitira sa mga komunidad dahil karamihan sa kanila ay pumunta sa ibang lugar upang maghanap mapagkakakitaan. Nilagang damo na lamang kinakain ang ng naiiwan sa

komunidad. Sa mga naitayo nang feeding center (sentro ng libreng pakain) ng mga organisasyong tumutulong sa mga biktima, kahindik-hindik ang larawan ng mga batang halos buto't balat na lamang, palaging nakahiga dahil wala

nang kakayahang makaupo man lamang, nakadilat ang mga matang nakatingin sa kawalan at may nakakabit na feeding tube (tubong pinagpapadaanan ng malasadong pagkain) sa bibig at ilong. Sa marabig ang libingan ng mga nauna nang namatay dulot ng gutom.

Imperyalistang patakaran. Taliwas sa nais palabasin ng Kanluraning masmidya, hindi ang matinding tag-init at pesteng balang pang pahing san-

#### "Cagayan...", mula sa pahina 8

lang matagumpay sa kalahatan ang nakaraang kampanya, nakitang mali at "kaliwa" ang "deklarasyon, hindi negosasyon". Idiniin na dapat na makipagdayalogo pa rin sa mga komersyante-usurero upang mahikayat sila na magbigay ng mas mahusay na patakaran sa pagpapautang. Makukuha rin ang simpatya ng malawak na mamamayan sa kalagayan ng mga magsasa-

ka sa panahon ng kalamidad. Naipapakita ang pagiging makatarungan ng kahilingan sa pagpapaliban ng pagbabayad ng utang.

Wasto sa kabuuan ang mga panawagang katulad ng pagpapababa ng interes sa pautang nang 50%, pagbura sa interes sa pautang sa panahong 50% o mahigit pa ng pananim ng masa ang nasalanta ng kalamidad, pagpapababa ng upa sa lupa ng panginoong maylupa nang 1/4 ng neto, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid at pagtatanggol sa lupang pinagpaguran at pinagyaman. Ito'y hindi lamang dahil sa ito'y tapat sa mga rebolusyonaryong prinsipyo, kundi dahil din sa nakabatay ang mga ito sa tamang pagsapul sa sentimyento ng malawak na masa. Nagresulta ang mga ito sa militanteng pagkilos at pananagumpay ng masa sa Cagayan Valley.

hi ng malawakang taggutom sa Niger. Umabot lamang sa 11% noong 2004 and ibinaba nd suplay nd pagkain dulot ng tag-init at balang kumpara sa abereyds na ani sa nakaraang limang taon. Mas mataas pa ang ani noong isang taon kaysa noong 2001-02, nang hindi pa umiiral ang krisis na kasintindi ng kasalukuyan. Ang sakim na pandarambong ng mga imperyalistang kapangyarihan sa ekonomya ng Niger at iba pang bansa sa Africa ang tunay na dahilan ng ibayong pagdarahop at tuluy-tuloy na taggutom doon.

Nang magbabala ang ilang internasyunal na organisasyon noong Nobyembre 2004 hinggil sa nagsisimula nang taggutom sa Niger, agad pinagbawalan ng International Monetary Fund (IMF) at European Union (EU) ang gubyerno ng Niger na mamahagi ng libreng pagkain sa nagugutom na mamamayan. Ayon sa qahamang IMF at EU, pabababain ng libreng pamamahagi ng pagkain ang presyo ng mga produkto nito sa pamilihan. Kaya imbes na maagapan ang kalusugan at buhay ng mamamayan, mas piniling pangalagaan ang pamilihan alinsunod sa interes ng malalaking negosyante at mga ispekulador.

Dagdag pa, nitong tagsibol (Marso hanggang Mayo), pinilit ng IMF si Presidente Mamadou Tandjang ng Niger na ipatupad ang *value added tax* (VAT). Kabilang sa mga tinamaan ang mga produktong pagkain. Ang VAT na ito ay dagdag na pasanin ng mamamayan laluna't sa nakaraang limang taon ay tumaas na nang 75% ang presyo ng mga pagkain sa bansa.

Dagdag na pahirap din ito sa mga tribo sa Niger na ang pangunahing hanapbuhay ay pag-aalaga ng mga hayop dahil nang bumaba nang 25% ang kanilang kita dulot ng VAT ay nabawasan nang malaki ang pambili nila ng pagkain.

## Kasaysayan ng kagutuman

**1997**. Dalawang milyong tao sa Kenya ang apektado ng matinding tag-init. Nangailangan ng ayudang pagkain ang 150,000 mamama-yan.

**1996.** Ayon sa United Nations, 22 milyon katao ang nagugutom sa Africa sa timog ng disyertong Sahara (sub-Saharan Africa).

**1994.** Pebrero nang umabot sa 2.5 milyon katao sa Sudan ang nangailangan ng tulong sa pagkain dahil sa gera sibil. Pitong milyon naman ang nabiktima ng kakulangan sa pagkain sa Ethiopia kung saan tinatayang 5,000-10,000 ang namatay.

**1992.** Mahigit sa dalawang milyon katao ang nanganib na mamatay dahil sa gutom sa Somalia.

**1988.** Anim na milyon naman sa Ethiopia rin ang nanganib na mamatay dahil sa kawalan ng makakain.

**1984-1985.** Halos isang milyon ang namatay sa Ethiopia dahil sa malawakang gutom.

Hindi lahat ng lugar sa Niger ay absolutong kulang sa pagkain. Katunayan, sa maraming mga lugar na nagugutom ang mamamayan, may mga katabing bayan kung saan nakahilera sa pamilihan ang iba't ibang uri ng pagkain. Hindi nga lang ito mabili-bili ng naghihikahos na mamamayan dahil sa napakataas nitong halaga.

magitan ng pagbubuwag sa mga pampublikong ahensyang nagtatakda ng presyo ng mga produktong agrikultural. Sa halip ay ipinaubaya na lamang sa merkado ang presyo ng mga ito.

Sa Ethiopia noong 2003, sinalanta ng taggutom ang mamamayan matapos pilitin ng mga imperyalistang institusyong tagapagbi-


gay ng "ayuda" ang gubyerno rito na isapribado ang sektor ng agrikultura. Nagresulta ito sa sobrang produksyon na labis namang nagpababa sa kita ng maliliit na magsasaka. Kung dati'y \$10 ang presyo ng 100-kilong sako ng mais, naging \$2

dolyar na lamang ito.

Ni hindi na matumbasan ng presyong ito ang kahit 50% man lamang ng gastos sa produksyon.

Dahil dito, ang mga magsasaka ay nagtanim na lamang para sa pangangailangan ng kanilang pamilya.

Sumirit ang presyong pagkain at ma-



taggutom.
Ipinatupad
ang deregulasyon sa
sektor ng
agrikultura s
sa pama-





#### Mga sugatang mandirigma ng BHB, pinapatay ng kaaway

MARIING kinundena ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang walang pakundangang pagpatay ng mga pulis at militar sa sugatan at walang kakayahang lumaban na mga Pulang mandirigma sa dalawang magkahiwalay na sagupaan sa Benguet at Misamis Occidental.

Ayon kay Ka Martin Montana, tagapagsalita ng Chadli Molintas Command ng Bagong Hukbong Bayan-Cordillera, pinaslang ng mga tropa ng Philippine National Police (PNP) sina Antonio (Ka Leyap) Licawen at Brando (Ka Tub-on) Banasan noong Agosto 17 sa Barangay Sebang, Buguias, Benguet.

Nasugatan si Ka Leyap (bali ang kanyang bukung-bukong) nang mapaengkwentro ang kanilang yunit sa Baculongan Sur, Buguias noong Agosto 14. Sa sagupaang ito, namartir ang dalawang kasama—sina William (Ka Suktan)

Gansel at Ryan (Ka Rudy) Alladog habang limang mandirigma ang nadakip. Nakaatras ang ibang kasama, kabilang sina Ka Leyap at Ka Brando na hirap na hirap nang maglakad dahil sa natamong mga sugat. Upang kagyat na mapagamot, ihinabilin sila ng kanilang yunit sa isang bahay sa baryo upang maghintay ng sasakyang magdadala sa kanila sa pagamutan. Wala na silang armas at kakayahang lumaban nang madatnan ng mga pwersa ng kaaway sa bahay ng isang magsasaka noong hapon ng Agosto 17.

Kitang-kita sa mga bangkay ng dalawang mandirigma na dumanas sila ng matinding pagpapahirap bago sila tuluyang patayin ng mga pasista. Bali ang braso ni Ka Leyap at may mga tusok ang kanyang kilikili. Parehong tadtad ng bala ang kanilang mga katawan at halos hindi na makilala ang bangkay ni

Ka Tub-on. Walang pakundangan ding pinaulanan ng bala ng militar ang mga bahay ng mga magsasaka nang walang pagsaalang-alang sa kaligtasan ng mga sibilyan.

Samantala, mariing binatikos ni Ka Adan Sindapan, tagapagsalita ng NDF-Western Mindanao, ang pagpatay ng mga tropa ng First Infantry Division ng Philippine Army sa isang mandirigmang wala nang kakayahang lumaban (hors de combat). Binaril ng mga tropa ng 1st ID si Flacion Sarangena (Ka Jovan) matapos siva masugatan at mahuli sa isang sagupaan sa Barangay Prensa, Tangub, Misamis Occidental noong Agosto 8. Limang mandirigma pa ang nadakip sa naturang sagupaan at nakakulong ngayon sa Zamboanga del Sur.

Mahigpit na ipinagbabawal ng mga internasyunal na tuntunin ng digma ang pagpatay sa mga hors de combat.

rami ang nagutom at nangamatay.

Noong 2002, naganap din ang malawakang taggutom sa Malawi. Sa utos ng World Bank at IMF, dalawang taon nang binabawasan ng gubyerno ng Malawi ang subsidyong binhi at pestisidyo sa mga magsasaka. Pinabawasan ng World BAnk at IMF at papel ng pamahalaan sa agrikultura upang bigyangdaan ang pribadong sektor. Ang mais na pangunahing pagkain sa Malawi ay nangangailangan ng pestisidyo dahil sa klase ng lupa sa bansa. At kasabay pa ang tagtuyot, labis na nakaapekto ang pakikialam ng dalawang internasyunal na institusyon sa mamamayang Malawian.

Milyun-milyong biktima. Bukod sa apat na milyon sa Niger, milyun-milyon pa ang nangangailangan ng agarang tulong sa Africa.

Sa Ethiopia, apat na milyon pang nagugutom na mamamayan ang nadagdag sa limang milyong mamamayang dati nang nagugutom at umaasa lamang sa ayudang pagkain at sa mga programang magtrabaho-para sa-pagkain o salapi (work-for-food or cash).

Sa Mali sa ngayon, lalo na sa kanlurang bahagi, 1.5 milyong tao ang dumaranas ng matinding krisis sa pagkain. Ayon sa isang sarbey, umaabot sa 16% ng mamamayan sa mga rehiyong Gao at Kidal sa Mali ang biktima ng grabeng malnutrisyon.

Sa Kenya, ilang taon nang nabubuhay sa ayudang pagkain ang 1.5 milyong mamamayan at patuloy pa rin ang sitwasyon hanggang sa kasalukuyan.

Sa Mauritania, umaabot sa 800,000 katao, o mahigit 25% ng populasyon ang nangangailangan ng ayudang pagkain.

Sa Burkina Faso, mahigit 500,000 mamamayan ang nagugutom dahil hindi nila kayang bilhin ang pagkaing napakataas ng presyo.

Sa Sudan, pinakananganganib na mabiktima ng kagutuman ang Darfur sa katimugang bahagi ng bansa na kasalukuyan ding sinasalanta ng gera sibil na likha rin ng mga imperyalistang nag-aasam na makontrol ang maraming deposito ng langis doon. Ang mamamayang dating nagsilikas at nagsisibalikan na ngayon ay nahihirapang makabangong muli sa kanilang kabuhayan.

Taon XXXVI Blg. 16 Agosto 21, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal


Palakasin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa gitna

ng pagpapatalsik kay Arroyo

Talulugmok ngayon ang rehimeng Arroyo sa isang krisis na walang kasintindi sa loob ng apat na taong paghahari nito. Dati nang matindi ang krisis na bumabalot sa rehimen dahil sa lubhang anti-mamamayan at antinasyunal na mga patakaran at hakbangin nito. Subalit ibayo pa itong tumindi nang lalo pang mahiwalay ang rehimen sa mamamayan at kamuhian ng publiko bunga ng pagkakasiwalat ng mga iskandalo hinggil sa hweteng at pandaraya ni Arroyo sa eleksyong 2004.

Ang malawakang disgusto sa rehimeng Arroyo ay naisasalin sa ibayong paglakas at pagdami ng mga pwersang anti-Arroyo at pagtindi ng mga bitak sa loob ng naghaharing pangkatin. Lumilitaw ang iba't ibang uri at paraan ng protesta at sumusulong ang malalaki at malalakas na pagkilos sa lansangan para patalsikin si Arroyo. Nakakawing din dito ang maraming kasabay na sek-

toral na pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika. Malaki-laking bilang ng mga kawani ng gubyerno at mga sundalo at pulis ang hayagang nagpapaabot ng kanilang kumukulong galit sa rehimen at kahandaang mag-atras ng suporta rito. Ang lahat ng ito ay tumutungo sa pagbu-



Mga tampok sa isyung ito...

Nilalapastangan ang usapang pangkapayapaan

PAHINA 4

International People's Tribunal

PAHINA 7

Gutom sa Africa

PAHINA 9

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-*print* sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click and Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*